



Patalastas Bilang 21, s. 2022

PATALASTAS

SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO

PAKSA : PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, pangungunahan ng **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)** ang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** na idinaraos tuwing **1-31 ng Agosto**.

Para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 8-6 Serye 2022 na nagtatakda ng temang "*Filipino at Mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Paglikha at Pagtuklas*" na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa wika.

Layunin ng pagdiriwang ang sumusunod:

- Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
- Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
- Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pamribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
- Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at,
- Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

Hinati sa limang (5) lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:


Petsa	Tema
1-7 Agosto	Ang mga Wikang Katutubo sa Paglinang ng Kulturang Pangkalikasan

Bawat Kawani, Lingkod Bayani

8-14 Agosto	Wika ng Tahanan, Komunidad at Paaralan: Kaugalian at Motibasyon sa Pagpapataas ng Kalidad ng Edukasyon
15-21 Agosto	Wikang Filipino: Daluyan ng Karunungan at Kakayahan
22-28 Agosto	Multidisiplinaryo at Interdisiplinaryong Lapit sa Pagbubuo at Pagpapatibay ng Nasyonalismong Kultural
29-31 Agosto	Paunang Sipat sa Dokumentasyong Dihital sa Preserbasyon ng mga Pamanang Kultural

Malugod na hinihikayat ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)** sa telepono blg. 0928-8441349 o mag sulatroniko sa komisjonsawika@gmail.com.


ATTY. KARLO A. B. NOGRALES
 Tagapangulo

23 Agosto 2022